



Mga Kadalasang Tinatanong sa Proyektong Pagpapalano para sa Panukala M para sa Bono ng Paaralan (School Bond Measure M)

www.egusd.net



Tungkol saan ang proyektong ito?

Bilang bahagi ng aming pagtatalaga sa sarili na panatilihin ang kalidad ng edukasyon sa mga paaralan sa komunidad, bumuo ang Elk Grove Unified School District (Pinag-isang Distrito ng Pamahalaan ng Elk Grove, EGUSD) ng isang komprehensibo at pambuong distritong Facilities Master Plan (Panlahat na Plano para sa mga Pasilidad, FMP) na tumutukoy sa lahat ng pangangailangan sa pasilidad ng ating mga paaralan —kabilang ang mga istruktura para sa mga silid-aralan para sa PreK-12, mga sistema ng gusali, mga teknolohiyang pang-edukasyon, at mga kaugnay na pasilidad ng paaralan. Ang aming FMP ay ang plano para sa mga matatalinong pamumuhunan sa ating imprastrakturang pang-edukasyon. Armado ng FMP, nilagay ng EGUSD ang isang bono para sa mga pasilidad, ang Panukala M, sa balota sa Nobyembre 2016 upang pondohan ang mga pinakakritikal na bahagi ng FMP.

Ano ang mga pinakakritikal na pangangailangan ng Distrito ng Paaralan?

Ang FMP ay nagbibigay ng masusing detalye sa mga pangangailangan ng buong distrito, na kinabibilangan ng:

- Pagpabuti sa kaligtasan ng estudyante at mga sistema sa seguridad ng kampus, kabilang ang mga ilaw na panseguridad, mga kamerang panseguridad, mga bakod na panseguridad, mga alarma sa sunog at mga pandilig
- Pagkumpuni at pagpalit sa mga sirang bubong, mga sistema sa pagtutubero, pagpapainit ng gusali at aircon
- Pag-update sa mga teknolohiya sa pagtuturo sa silid-aralan upang mapabuti ang pag-aaral ng estudyante sa mga pangunahing asignatura katulad ng matematika, agham, sining at teknolohiya
- Paglalaan ng mga silid-aralan at mga laboratoryo para sa pangkarerang teknikal na edukasyon at mga kurso sa teknolohiya upang maging handa ang mga estudyante sa kolehiyo at karera at nakahandang makipagkumpetensiya sa pandaigdigang ekonomiya
- Gawing moderno ang mga silid-aralan, mga laboratoryo, at mga pasilidad ng paaralan upang lumikha ng mga kapaligiran sa pagtuto sa ika-21 Siglo na sumusuporta sa mataas na pagganap ng estudyante at epektibong pagtuturo at pagtuto
- Pagpabuti sa akses sa mga pasilidad ng paaralan para sa mga estudyante at mga indibidwal na may mga kapansanan

Bakit ngayon?

Tumatanda na ang mga paaralan ng EGUSD. Ang kalagayan ng ating mga silid-aralan, teknolohiya at mga pangkalahatang pasilidad ay may direktang epekto sa pagtuturo at pagtuto. Ang ating 65 lugar ng paaralan ay palaging ginagamit, kung saan ang 37 paaralan ay higit sa 20 taong gulang at ang karaniwang edad ng mga gusali ng ating paaralan ay 22 taong gulang. Nangangailangan ang lahat ng mga paaralan ng patuloy na mga upgrade upang mapanatili ang patuloy na paggamit nila. Tinukoy ng FMP ang higit sa 1.6 bilyong dolyares na pangangailangan, na dapat tugunan sa lalong madaling panahon para sa mga estudyanteng pinagsisilbihan namin ngayon at patungo sa hinaharap. Sinisiyasat ng EGUSD ang lahat ng mga opsiyon – kabilang ang panunumbas ng pondo ng Estado at Pederal na Pamahalaan at mga pribadong pamigay ng pondo. Bilang bahagi ng prosesong ito, sinisiyasat rin namin ang pagkaposible ng paghiling ng suporta sa komunidad para sa Panukala M. Ang mga bono ng paaralan ay ang pinakakaraniwang paraan sa pagpondo ng mga pangangailangan sa pasilidad.

Paano nagpapabuti sa pagtuturo ang karagdagang mga silid-aralan at mga upgrade sa pasilidad?

Ang aming misyon ay “maglaan ng komunidad sa pagtuto na naghihimok sa LAHAT ng mga estudyante upang isakatuparan ang kanilang pinakamataas na potensiyal.” Nagsusumikap kami para sa kahusayan sa pagtuturo at pagtuto sa bawat kapaligirang pang-edukasyon. Hangarin namin na makapagbigay sa mga bata namin ng akses sa edukasyon at mga teknolohiya na kakailanganin nila upang magtagumpay sa elementarya, middle at high school at maging handa para sa kolehiyo at/o karera. Ang ligtas at modernong mga pasilidad at teknolohiya ay mahalaga para sa pagganap ng estudyante.

Kumusta ang pagpondo na galing sa Loterya? Di ba ang Loterya sana ang mag-aayos sa ating mga paaralan?

Sa kasamaang-palad, ang mga pondong galing sa Loterya ay magagamit lang para sa pagtuturo sa silid-aralan, at hindi para sa pag-upgrade ng pasilidad o teknolohiya. Kahit makakagamit pa tayo sa mga pondong galing sa Loterya, ang pondong natatanggap ng ating distrito ng paaralan mula sa Loterya bawat taon ay bumubuo lamang sa mas mababa sa 1.5% ng ating mga taunang naka-budget na gastos. Samakatuwid, ang mga pondo na galing sa Loterya ay kumakatawan lamang sa mas mababa sa .5% ng ating natukoy na pangangailangan para sa pasilidad at hindi talaga sapat upang pondohan ang malawak na mga upgrade na kinakailangan ng ating mga paaralan.

Paano na ang Patuloy na Pagmimintina ng Paaralan – Wala ba kayong Budget para sa mga Pasilidad?

Ang mga kawani sa pagmimintina at pagpapatakbo ng distrito ng paaralan ay nagtatrabaho nang mabuti upang mapanatiling ligtas ang ating mga paaralan at nasa sapat na kalagayan para magamit. Pero ang katotohanan ay dahil mayroon tayong 65 lugar ng paaralan at palaging may banta ng pagkakaltas ng badyet ng Estado at hindi sapat na pagpopondo (ika-49 ang California sa Bansa sa pagpopondo bawat mag-aaral), ang kasalukuyan nating budget para sa pasilidad ay halos hindi nakakatugon sa mga agarang pangangailangan. Ang kasalukuyang saklaw ng pangunahing pagkukumpuni ng mga gusali at gamit, mga upgrade, at bagong teknolohiya na kinakailangan upang masiguro na lahat ng ating mga estudyante ay makakatanggap ng parehong mataas na kalidad na edukasyon, ay labis na lumalampas sa ating pamantayang itinalagang pondo para sa pagmimintina ng mga pasilidad ng paaralan.

Humihingi ang EGUSD ng malaking pera sa Panukala M. Maaari mo bang sabihin nang eksakto kung saan pupunta ang pondo? Oo. Binuo namin ang isang komprehensibong Facilities Master Plan (FMP). Upang suriin ang buong plano, tingnan ang <http://www.egusd.net>. Kabilang sa FMP ang plano sa pagsasakatuparan na nagpapakita sa partikular na uri ng trabaho na gagawin sa bawat paaralan.

Nasa tamang edad at wala na sa aking tahanan ang aking mga anak. Bakit kailangan kong pagtuonan ng pansin ang prosesong ito? Ang mga mahuhusay na paaralan ay ang pundasyon ng alinmang malakas at maunlad ng komunidad. Ang mga mahuhusay na paaralan ay nagpoprotekta at nagpapataas pa sa halaga ng ari-ariang lupa at bahay at nagpapalakas sa ating komunidad. Ang pamumuhunan sa ating mga paaralan ay tutulong upang suportahan ang nagpapatuloy na edukasyon ng mga lokal na kabataan at nagtataguyod sa kanilang pagsulong bilang mga matatagumpay na tao sa hinaharap.

Sino ang gumagawa ng pinakahuling desisyon hinggil sa bono ng lokal na paaralan?

Ang lokal na inihalal na Lupon ng Edukasyon ay ang legal na entidad na nagtaguyod sa eleksiyon ng bono. Ginawa ng Lupon ang desisyong ito noong Agosto 1, 2016. Ang aksiyon ng Lupon ay naglagay sa tanong hinggil sa Panukala M upang pagpasiyahan ng mga botante ng distrito. Sa huli, ang MGA NAKAREHISTRONG BOTANTE NG EGUSD ay may panghuling sabi kapag boboto sila sa Panukala M bilang mga absentee na botante o sa presinto sa Nobyembre 8, 2016.

Sino ang karapat-dapat upang bumoto sa Panukala M?

Ang lahat ng mga nakarehistrong botante sa loob ng EGUSD ay karapat-dapat na bumoto sa Panukala M.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang <http://www.egusd.net> o kontakin kami sa telepono 916-686-7711 at hilinging makausap si Robert Pierce.